Kapag ang isang lalaki-o isang tao-ay nanilip sa iyo, nang walang pahintulot mula sa iyo,hinagis mo sa kanya ang bato at nabulag mo ang isang mata niya,Wala kang magiging kasalanan

Ayon kay Abē Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu:((Kapag ang isang lalaki-o isang tao-ay nanilip sa iyo, nang walang pahintulot mula sa iyo,hinagisan mo sa kanya ang bato at nabulag mo ang isang mata niya,Wala kang magiging kasalanan))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinahayag ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na kapag nanilip ang isang tao sa sinuman nang walang pahintulot [mula sa kanya],mula sa likod ng pintuan niya,o sa taas na dingding niya,o maliban dito.at nabulag ang isang mata nito,dahil sa paghagis niya ng bato na tumama sa mata nito,o natusok niya ang mata nito sa pamamagitan ng bakal,Walang maipapataw na kasalanan o kaparusahan sa nakagawa nito;Dahil ang naninilip ang siyang lumabag,at ang may sala,ay yaong gumawa nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2989